IMPORTANTENG IMPORMASYON SA REHISTRASYON NG BOTANTE

Pagsusuri ng Iyong Katayuan ng Rehistrasyon ng Botante

TANONG: Mayroong ba kayong mga kamakailan lamang nakumpletong porma ng rehistrasyon ng botante?

Kung ganon, maaari mong **suriin ang katayuan ng iyong rehistrasyon** sa website sa pamamagitan ng pag-click sa "Suriin ang Iyong Katayuan ng Rehistrasyon ng Botante" sa home page. Sa paalaala, ipasok ang iyong numero ng kalye, petsa ng kapanganakan, at zip code. Ito ay magkukumpirma ng katayuan ng iyong rehistrasyon at ang iyong partidong pampulitikang kinasasapian.

TANONG: Anong impormasyon ay legal na kinakailangan upang maproseso ang iyong rehistrasyon ng botante?

Ang estado at pederal na batas ay nangangailangan ng iyong:

- Unang pangalan at apelyido
- Kumpletong adres ng tirahan
- Lisensiya sa pagmamaneho sa CA o numero ng ID sa CA. Kung wala kang lisensiya sa pagmamaneho ng CA o kard na ID, ang huling 4 na numero ng iyong Seguridad Sosyal
- Petsa ng kapanganakan
- Lagda

Kung alinman sa mga bagay na ito ay nawawala, ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay dapat makakuha ng mga ito para ang iyong rehistrasyon ay maging balido.

TANONG: Ano ang mga iba pang impormasyon na hinihiling ng batas ng estado?

Ang mga kahilingan ng batas ng estado ay ang tiyak na impormasyong upang mas mahusay na maglingkod sa iyo bilang botante.

- Lugar ng Kapanganakan
- Isang partidong pampulitika o isang indikasyon na tatanggihan mo na pumili ng isang kagustuhang partidong pampulitiko.

Kung hindi mo maibigay ang mga impormasyong ito, ang iyong rehistrasyon ay hindi mapapawalang-bisa. Gayunman, ang Tagapaghistro ay magpapadala ng "Nawawalang Impormasyon" na paunawa at pagtatangka upang mangolekta ng impormasyong ito upang masiguro na matatanggap ninyo ang tamang materyales ng eleksiyon.

TANONG: Kung ako ay nakarehistrong bumoto, ano pa ang maaari kong asahan na matanggap?

Kung ikaw ay nakarehistro upang bumoto, kayo ay makakatanggap ng isang **Kard ng Notipikasyon ng Botante** na nagpapatunay ng iyong pangalan, adres, partidong pampulitikang kinasasapian, kung mayroong, at ang unang araw na kayo ay may karapatang bumoto. Ang iyong pangalan ay lalabas sa listahan ng mga botante sa anuman eleksiyong gaganapin 15 o higit pang mga araw pagkatapos ng petsa ng iyong Kard ng Notipikasyon ng Botante. Ikaw ay makakatanggap ng isang buklet ng ihemplong balota at iba pang mga materyales ng eleksiyon.

TANONG: Paano kung ako ay nakatanggap ng isang kard ng "Nawawalang Impormasyon" o mayroon pa rin akong mga katanungan o hindi sigurado sa aking katayuan ng rehistrasyon ng botante?

Mangyaring tumawag sa (858) 694-3447 at ang aming tauhan sa rehistrasyong ng botante ay makakatulong sa iyo.